

Istratehiya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa bagong kadawyan

Sandot, Xevier P. 

Sacred Heart School – Ateneo de Cebu, Philippines (xevier.sandot@shs-adc.edu.ph)

Bacalla, Lita

Cebu Normal University, Philippines (bacallal@cnu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 July 2024

Revised: 25 September 2024

Accepted: 1 October 2024

Available Online: 1 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24815

Abstract

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ng mananaliksik ang mga istratehiyang epektibong gagamitin sa synchronous at asynchronous na modaliti. Sa pag-aaral na ito, mayroong walong istratehiyang ginamit sa synchronous at asynchronous na modaliti. Napag-alaman sa pag-aaral na ito na walang makabuluhang ugnayan ang istratehiya at markang nakuha sa synchronous at asynchronous na modaliti gamit ang pearson correlation coefficient ngunit natuklasan mula sa sagot sa talatanungan na nakatutulong ang mga istratehiya sa pagkatuto ng mga estudyante sa kanilang paksa. Gamit ang likert scale at talatanungan, natukoy rin ang epektibong istratehiyang gagamitin at hindi gaanong epektibong istratehiyang gagamitin sa synchronous at asynchronous na modaliti. Mula sa pag-aaral, natuklasan din na mas nagugustuhan ng mga estudyante ang synchronous na modaliti kumpara sa asynchronous. Mula sa mga natuklasan, nakabuo ng isang kompilasyon ng mga istratehiyang gagamitin sa synchronous at asynchronous na modaliti. Napatunayan na posible ang pagkatuto ng mga estudyante gamit ang teknolohiya. Mahalaga ang ginagampanang papel ng mga istratehiya bilang scaffolding o gabay upang mas maging ganap ang pagkatuto ng mga estudyante sa birtwal na silid-aralan gamit ang teknolohiya. Bagaman hindi nagkaroon ng makabuluhang ugnayan ang istratehiya at marka sa mga gawain sa dalawang modaliti, mahalagang isipin na hindi lamang ang marka ang tanging sukatan sa pagkatuto nila. Napatunayan mula sa mga sagot na isang malaking tulong ang wastong pagpili ng istratehiya. Mahalagang magkaroon ng sapat na kaalaman sa istratehiyng gagamitin sa klase at piliin nang maayos kung alin sa mga ito ang talagang makatutulong sa kanila.

Keywords: asynchronous, istratehiya, Noli Me Tangere, synchronous, pagkatuto

Istratehiya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa bagong kadawyan

1. Introduction

Napakalawak ng kapangyarihan ng teknolohiya. Kung ating babalikan ang paraan ng pagkatuto ng ating mga ninuno noon, gumagamit na rin sila ng kanilang sariling teknolohiya ngunit kung ating ihahambing sa panahon natin ngayon, malayong-malayo na ito sa ginamit nila noon. Nang magsimula ang pandemya, sinimulan ding ipinatupad ang total lockdown sa iba't ibang syudad sa bansa at nagkaroon ng distance o online learning ang lahat ng paaralan sa buong bansa. Dahil dito, umusbong ang iba't ibang hamon sa pagkatuto at pagtuturo. Nalaman sa pag-aaral nina Curran, V. et. al (2006) kung saan naging hamon sa mga guro ang teknikal na aspekto kung paano gamitin at maging pamilyar sa makabagong learning management system at kung paano gawing produktibo ang talakayan sa klase lalong-lalo na kapag asynchronous na sesyon. Nalaman din sa pag-aaral nina Agung, A. S. et. al (2020) na ang mga estudyante ay humaharap din ng hamon sa paggamit ng mga teaching media na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto. Sa lahat ng mga hamong nararanasan, ipinagpatuloy pa rin ng mga paaralan ang distance o online learning. Naobserbahan ng mananaliksik na bagaman maraming istratehiya sa pagtuturo ng Nolin a nailathala sa iba't ibang aklat at online sources, nagkakaroon pa rin ng problema sa kung ano ang pipiliing istratehiyang gagamitin sa pagtuturo ang mga guro sa makabagong modaliti. Dahil dito, nais matukoy ng mga mananaliksik ang mga istratehiyang epektibong gagamitin sa synchronous at asynchronous na modaliti.

Ang teorya ni Moore (1993) na Theory of Transactional Distance ay sumusuporta sa konsepto ng distance learning. Ang teoryang ito ay naniniwala na kahit hindi man magkasama ang guro sa iisang lugar, posible ang pagkakaroon ng psychological at communicative space sa pagitan ng guro at ng mga estudyante. Idinagdag din nina Caspi at Gorsky (2005), "Transactional distance theory assumes that pedagogy and not the physical and temporal distance education." Pinagtibay ng teoryang ito na malaki ang papel na ginagampanan ng pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa isang paksa upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto ng isang estudyante. Ang Connectivism Theory ni George Siemens (2008), "connectivism may be a learning theory comprised of diverse series of nodes to facilitate synchronous and asynchronous learning." Ibig sabihin, naniniwala ang teoryang ito na ang pagkatuto ay posible sa makabagong panahon sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya. Ang makabagong modaliti sa pagtuturo ay ginamit upang umangkop sa pagbabagong nagaganap sa lipunan. Mayroong iba't ibang pamamaraan kung paano ituro ang mga paksa sa distance education. Ayon kay Borje (2005), may iba't ibang paraan kung paano ituro ang paksa sa distance education. Mayroong broadcast programmes gaya ng paggamit ng radyo at telebisyon. Dagdag pa ni Borje (2005), maaari ring gamitin ang mga print materials, video recordings at mga view-data/videtex. Ipinapahiwatig nito na maaaring maisagawa ang distance education gamit ang iba't ibang pamamaraan. Sa kabila ng mga umusbong na makabagong modaliti sa pagtuturo at pagkatuto, napakahalaga pa rin na gamitin ng guro ang kanyang kakayahan na matukoy kung anong istratehiyang gagamitin kung alam ng guro ang mga padulong sa pag-aaral ng panitikan lalong-lalo na sa pagtuturo sa nobela.

Ayon kay Belvez (2000), maaaring gamitin ang padulong Pormalistiko kung saan pinagtutuunan ang elementong bumubuo sa akda, padulong Sosyolohikal kung saan binibigyan ang sosyo-kultural, politikal, at kapamuhayan ng isang tao, padulong Sikolohikal kung saan binibigyang pansin ang positibong damdamin gaya ng pagmamahal, paghanga, pagdakila, at mga negatibong damdamin gaya ng takot, galit, pagkabigo, at iba pa. Inilahad naman ni Savvidou (2004) na maaaring gamitin ang "traditional; approach to teaching literature" kung saan ang mga estudyante ay kinakailangang galugarin o pag-aralan ang sosyal, politikal, pampanitikan, at pangkasaysayang konteksto ng akdang babasahin. Kasali rin ang language model o language based approach kung saan sinusuri ang isang akdang pampanitikan upang matukoy ang mga linguistic features katulad figurative language, direct and indirect speech. Ang panghuli ay ang personal growth model kung saan iniuugnay sa

sariling karanasan at kultural na aspekto ang nilalaman ng akda. Ang mga pamamaraan o dulong na ito ay nakatutulong sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga estudyante sa tinatalakay na panitikan.

1.1 Objectives of the Study

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga istratheyang epektibong gagamitin sa synchronous at asynchronous na modaliti. Tinitiyak na masagot ang mga sumusunod: istratheyang, GWA ng synchronous at asynchronous na modaliti, pidbak at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng istratheyang synchronous at marka, pidbak at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng istratheyang asynchronous at marka, pidbak at makabuluhang pagkakaiba ng dalawang modaliti, at kompilasyon ng mungkahing istratheyang sa dalawang modaliti.

2. Materials and Methods

Ang pananaliksik na ito ay maituturing na kwantitabo -kwalitatibo at ginamitan ng pearson correlation coefficient sa pagsusuri. Kinuha ang kabuuang GWA o general weighted average ng mga 15 tagatugon ay mayroon bang kaugnayan sa istratheyang ginamit sa dalawang modaliti. Ginamitan din ito ng likert scale at talatanungan sa paghingi ng pidbak mula sa mga tagatugon sa pananaliksik. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik. Sila ay nagmula sa 7 seksyon ng ikasiyam na baitang na tinuturuan ng mananaliksik. Ang informed consent ay ibinigay sa mga magulang ng kalahok at assent form ay ibinigay sa mga kalahok upang magkaroon sila ng ideya sa pananaliksik at sa partisipasyong hihingin mula sa kanila sa pananaliksik na ito. Tinitiyak din nito ang proteksyon ng kanilang mga tugon at kanilang mga pagkakakilanlan bilang proteksyon sa mga mananaliksik. Ito ang mga salik na isinaalang-alang sa etikal na konsiderasyon sa pananaliksik na ito.

3. Results and Discussion

Matutunghayan sa kabanatang ito ang paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos.

1. Istratheyang

Ang mga istratheyang natukoy sa bahaging ito ay ang mga pamamaraang ginamit sa dalawang modaliti sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Ito ay nagmula sa likert scale na ginamit sa pagkuha ng ibang impormasyon para sa pag-aaral na ito. Ang mga istratheyang ginamit ng mananaliksik sa pagtuturo ng kabuuang nobela ng Noli Me Tangere sa dalawang modaliti.

1.1 Istratheyang sa Synchronous na Modaliti

Sa bahaging ito ay ipinaliwanang ng mananaliksik ang mga istratheyang ginamit sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa synchronous na modaliti.

1.1.1 Pagkukuwento

Isa sa mga istratheyang ginamit sa modaliting ito ay ang pagkukuwento. Isinaad sa pag-aaral ni Dujmovic (2006), “storytelling also fosters language learning by enriching students’ vocabulary and attaining contemporary language structures.” Nakatutulong ang pagkukuwento upang mas malinang pa ang kasanayan at pagkatuto ng mga estudyante tungkol sa akda at sa wikang ginamit. Isinaad din nina Gershon at Page (2001), “storytelling permits visualization to uncover important information as effectively as if the learners were watching a movie.” Gamit ang mga larawan, pag-arte, ekspresyon ng mukha, at angkop na linaya mula sa akda, mas nagiging makatotohanan ang pagtuturo sa panitikan.

1.1.2 Pag-uugnay sa Isyung Panlipunan, Kultura, at Realidad

Ayon sa punto de bista ni Badayos (2008), ang panitikan ay salamin ng buhay kung kaya’t matutuhan ng mga estudyante ang akda kung maiuugnay ito sa realidad. Ang istratheyang ito ay isa sa mga ginamit upang ituro ang akda. Sa pamamagitan nito, mas nakikita ng mga estudyante ang realidad dahil naiuugnay nila ang mga

pangyayari sa kabanata sa mga nangyayari sa kasalukuyang panahon.

1.1.3 Paggamit ng Larawan sa Pagtatalakay

Isa sa mga istrategyang ginamit sa pagtuturo ng nobela ay ang paggamit ng larawan. Pinatunayan ni Anglin (1987), “that there is enough proof that images can be utilized to facilitate information retention of the literary text discussed.” Malaki ang tulong nito dahil naiuugnay kaagad ng mga estudyante ang kabanata na naitalakay sa nakaraang pagkikita sa kabanata na itatalakay sa susunod na pagkikita upang matagpuan ang kaugnayan ng mga kabanata at matutuhan ang nilalaman sa paksa. Sinuportahan naman ni Uematsu (2012), “that visual such as pictures, illustrations, and pictures help the teachers in teaching the topics and aid the students in learning the lessons.” Nakatutulong ang mga larawan upang mas maunawaan ang mga estudyante at mas naisasaayos ng mga guro ang kanilang pagtuturo gamit ito.

1.1.4 Paggamit ng Graphic Organizer

Ang paggamit ng graphic organizer ay nakatutulong sa pagkatuto ng mga estudyante sa paksang tinatalakay. Pagpapaliwanag nina Lubin at Sweak (2007), “that graphic organizer helps in the comprehension and acquisition of concepts on the topic discussed. This strategy promotes student active engagement in the learning process.” Sa madaling sabi, mas madali ring natutuhan ng mga estudyante ang paksa kung naisaayos ang mga detalye nito gamit ang graphic organizers.

1.1.5 On-stage Teacher

Ang istrategyang ito ay nangangahulugan na ang guro ang maituturing na eksperto sa klase at siya lamang ang halos na nagsasalita sa buong talakayan sa klase. Ang mga estudyante sa istrategyang ito ay itinuturing na “passive” o nakikinig lamang sa guro. Isinaad nina Mascolo, M (2009) at Serin, H (2018), Nakatutulong ang istrategyang ito bilang supplemental na pamamaraan upang mas matutuhan ng mga estudyante ang aralin. Natutuhan nila ang paksa dahil ang guro ang nagpapaliwanag sa paksa sa loob ng klase.

1.2. Istrategya sa Asynchronous na Modaliti

Sa bahaging ito, tatalakayin ng mananaliksik ang mga istrategyang ginamit sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa asynchronous na modaliti.

1.2.1 Small Group Discussion

Sa paggamit ng istrategyang ito, binigyan ng mga susing punto ang mga estudyante na pagtutuunan ng pansin ng bawat pangkat sa kanilang group discussion. Ipinaliwanag sa pananaliksik ni Lane, S. (2016), “collaborative learning promotes motivation among students because they are actively involved in the learning process. It also improves students’ communication and critical thinking skills through group discussion wherein students are discussing key ideas about the topic given to them.” Ibig sabihin, mas nahahasa ang kasanayang pangkomunikasyon at mapanuring pag-iisip upang mas matutuhan ang nobela.

1.2.2 Pinatnubayang Pagbabasa

Sa istrategyang ito, nagbibigay ng mga gabay na tanong ang guro sa mga estudyante na magiging gabay habang binabasa ang akda. Binigyang diin ni Badayos, P. B. (2008), na ang istrategyang ito ay inihahanda ang mga estudyante sa pagbabasa, malinang ang kasanayan sa pag-unawa at mabigyang-diin ang pagkilala sa salita at magabayan ang mga estudyante sa pagbasa ng itinakdang kwento. Pinagtibay rin ito ni Munandar (2021), “that DRA o Directed Reading Activity improves students’ vocabulary and reading comprehension.” Sa istrategyang ito, binibigyan ng gabay na tanong ang mga estudyante bilang gabay sa pagbabasa sa naturang nobela.

1.2.3 Pagkatuto Gamit ang Thinking Map

Ang paggamit ng thinking map sa pagkatuto ay nangangailangan din ng sapat na kaalaman para mas maging akma ito sa konteksto ng kabanata sa nobela. Ang pananaliksik nina Albakri, I. S. M. A. at Omar, A. (2016), ay

nagbigay ng pagpapahalaga sa pagpalilinang ng mapanuring pag-iisip ng mga estudyante ang mga thinking maps. Binibigyan dito ng sapat na oras ang mga estudyante na mag-isip at hanapin ang kaugnayan ng mga ideyang inilahad upang matagpuan ang pangunahing ideya ng paksa.

1.2.4 Character Analysis

Hindi maikakaila na mahalaga ang mga tauhan sa daloy ng kwento sa kabanata kung kaya ang character analysis ay ginamit sa pagtuturo ng nobela. Sa istratohiyang ito, pinagtuunan ng pansin ang pangunahing tauhan sa kabanata. Sa pananaliksik nina Misica D. at Zlatkovic B., (2012), napatunayan na nagkakaroon ng positibong epekto sa pagkatuto ang mga estudyanteng nakasusuri sa mga pangunahing tauhan sa kwento. Nakabibigay sila ng mga pagpapalalim sa kwento at natutukoy ang mga suliranin sa kwento na maaaring dulot ng mga tauhang sinuri.

1.2.5 Paggamit ng Audio-Visual Presentation

Isa sa mga pamamaraang ginamit sa pagtuturo ng nobela ay ang mga Recorded Lectures o Audio-Visual Presentation. Ayon kay Al Mamun, M. (2014), “utilizing audio-visual materials that are related to the topic will help the students conceptualize ideas and develop a more profound understanding about it.” Ibig sabihin nakatutulong ang mga kagamitang AVP upang matutuhan ng mga estudyante ang isang paksa. Sa pamamagitan nito, maaari nilang ihinto ang pinapanood o pinapakinggang AVP material upang maunawaan ang ideyang inilahad.

2. GWA ng Synchronous at Asynchronous na Sesyon

Sa bahaging ito, kukunin ng mananaliksik ang General Weighted Average ng bawat seksyon at ang kabuuang General Weighted Average ng 158 na mga estudyante sa ikasiyam na baitang na nag-aaral ng Noli Me Tangere. Ang 40% ay inilaan para sa course activity at 60% para sa performance task. Sa pagkuha ng GWA, kinuha lamang ang mga marka o iskor ng mga gawain kung saan ang paksa ay nakatuon sa nobelang Noli Me Tangere.

Talahanayan 1

General Weighted Average

| Seksyon | Bilang ng mga estudyanteng kinuha para matukoy ang GWA ng seksyon | GWA ng bawat seksyon sa ikasiyam na baitang |
|---|---|---|
| Seksyon C | 22 | 90.07% |
| Seksyon E | 22 | 85.52% |
| Seksyon G | 22 | 78.73% |
| Seksyon B | 23 | 78.40% |
| Seksyon A | 23 | 76.13% |
| Seksyon D | 23 | 76.08% |
| Seksyon F | 23 | 75.77% |
| Kabuuang GWA ng 158 na estudyante (baitang 9) | | 80.1% |

Sa pagtataya ng mga iskor na nakuha ng mga estudyante na ang paksa ay Noli Me Tangere, napag-alaman na lima sa pitong seksyon ay napabibilang sa **Developing Stage**. Ang mga napabibilang sa lebel na ito ay nangangailangan ng gabay sa pagkatuto ng paksa at sa pagsagot ng mga gawain na may kinalaman sa pag-unawa at paglalapat. Natuklasan na mula sa limang seskyong napabibilang sa developing stage, nakakuha ng malilit na marka sa mga gawain na ginamitan ng istratohiyang pagkukwento sa synchronous na modaliti. Ipinaliwanag ni Satriani (2019), “some challenges such as students’ proficiency and length of texts were found when using the story telling strategy in the class.” Sa madaling salita, kinakailangang isaalang-alang ang haba ng kwento at ang kahandaan ng mga estudyante sa paksa, lalong-lalo na sa wikang gagamitin nang sa gayo’y magiging buo ang pagkatuto ng mga estudyante.

Sa asynchronous na modaliti, natuklasan naman na maliit ang marka ng mga estudyante sa gawaing ibinigay

pagkatapos gamitan ng **audio-visual presentation** naistratehiya ang sesyon. Ang negatibong epekto ng pamamaraang ito ay pinatunayan ito ng pananaliksik nina Winarto et. al. (2020), “Time allocated for learning and electricity are the identified factors that will affect the effectivity of the usage of audio-visual media.” Kung kulangin ang oras para mapanood at mapakingga ang paksa gamit ang AVP, pahapyaw lamang ang matutuhan ng mga estudyante. Ang kawalan ng kuryente, internet, at maayos na kagamitan ay maaaring makaapekto rin sa pagkatuto ng mga estudyante gamit ang istrategiya.

Natuklasan din sa pananaliksik na ang **Paggamit ng Larawan** ay nakatutulong sa kanilang pagkatuto sa nobela. Ipinaliwanag nina Berry at Levin (1980), na ang paggamit ng larawan ay nakatutulong upang maalala o mas magiging matagal ang retention ng mga estudyante tungkol sa paksa.

Sa asynchronous na modaliti, natuklasan naman na ang mga estudyante ay nakakuha ng malaking marka gamit ang istrategiyang **paggamit ng thinking maps**. Binigyang diin ni DeLorenzo (2011), ang kahalagang ng thinking maps na isinaad din ni Hakim (2018), “thinking maps are visual tools that are important in improving cognitive skills of the learners.” Kung epektibong magamit ang thinking maps, magiging malaking ambag ito sa proseso ng pagkatuto ng mga estudyante.

3. Pidbak at Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Marka at Istrategiya ng Synchronous

Sa bahaging ito, ginamit ang **Pearson Correlation Coefficient** upang matingnan ang kaugnayan ng markang nakuha ng mga estudyante sa istrategiyang ginamit sa pagtuturo ng synchronous.

$$r = \frac{\sum (x_i - \bar{x})(y_i - \bar{y})}{\sqrt{\sum (x_i - \bar{x})^2 \sum (y_i - \bar{y})^2}}$$

Matatagpuan sa talahanayan 2 ang mga datos na gagamitin upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga ito. Makikita rito ang resulta sa likert scale kung saan sinukat ang karanasang pampagkatuto ng mga estudyante sa paksa at ang GWA ng 15 estudyante na lumahok sa pagsagot ng talatanungan sa paksang Noli Me Tangere na ginamitan ng iba’t ibang istrategiya sa dalawang modaliti.

Talahanayan 2

Likert Scale Score at Average na Marka sa Synchronous na Modaliti

| Estudyante | Likert Scale Score sa Synchronous na Modaliti | Average na Marka |
|------------------|---|------------------|
| 1. Estudyante A | 3.8 | 91.5252212 |
| 2. Estudyante B | 3 | 91.2792035 |
| 3. Estudyante H | 3.6 | 88.5672566 |
| 4. Estudyante T | 3.7 | 60.3061947 |
| 5. Estudyante F | 3.9 | 88.9783186 |
| 6. Estudyante Z | 3.9 | 86.7853982 |
| 7. Estudyante D | 3.5 | 79.9712389 |
| 8. Estudyante J | 3.5 | 68.6269912 |
| 9. Estudyante M | 3.9 | 82.8495575 |
| 10. Estudyante C | 3.8 | 85.5075221 |
| 11. Estudyante V | 2.8 | 70.3761062 |
| 12. Estudyante Q | 3.9 | 84.4349558 |
| 13. Estudyante K | 3.3 | 81.1216814 |
| 14. Estudyante X | 3.9 | 78.8384956 |
| 15. Estudyante E | 3.9 | 89.2048673 |

Batay sa mga impormasyong inilad sa talahanayan 3, mapapansin na ang **coefficient r value ay 0.26** na mas maliit kung ihahambing sa **critical r value na 0.514** at ang **p value ay 0.35**. Ibig sabihin, walang makabuluhang ugnayan ang istrategiyang ginamit sa markang nakukuha ng mga estudyante sa gawain at pagsusulit. Kahit nag anito ang lumabas na resulta sa kalkulasyon, hindi maikakaila na lumabas din sa opinyon at sa marka ng mga nakuha ng mga estudyante ang epekto ng istrategiya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa kanilang marka. Mula sa 158 na estudyante na kinuhanan ng GWA, labinlimang kalahok na sumagot sa likert

scale at talatanungan. Napag-alaman din na ang pangunahing istrategyang ginamit sa pagtuturo sa mga kabanatang ito ay ang paggamit ng larawan. Napag-alaman sa pananaliksik ni Talaha (2013), “the use of pictures must be used to teach students short story because it helps them in their learning process.” Ibig sabihin, mas napadadali ng mga larawan ang pagkatuto ng mga estudyante dahil nakikita nila ang mga nangyayari sa loob ng kwento at nasusundan nila ang daloy ng kwento. Sinuportahan naman ng resultang nakuha mula sa likert scale na sinagutan ng mga kalahok. Pansinin ang talahanayan 4 sa ibaba.

Talahanayan 3

Ugnayan ng Marka at Istratehiya sa Synchronous na Modaliti

| | |
|-----------------|-----------------------------|
| Coefficient (r) | 0.26 |
| Df | 13 |
| Critical r | 0.514 |
| $p \leq 0.05$ | 0.35 |
| Interpretasyon | Walang Makabuluhang Ugnayan |

Talahanayan 4

Nangungunang limang istrategya sa Synchronous na Modaliti

| Istratehiya | Mean | Verbal Interpretation | Rank |
|------------------------------------|------|------------------------|------|
| Pagkukuwento | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Paggamit ng larawan | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| Pag-ugnay sa mga isyung panlipunan | 3.8 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |

Pumangalawa ang istrategya ng paggamit ng larawan sa pinakanagustuhan ng mga estudyante sa istrategya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Ipinaliwanag nina Berry at Levin (1980), na ang paggamit ng larawan ay nakatutulong upang maalala o mas magiging matagal ang retention ng mga estudyante tungkol sa paksa. Sinuportahan din ito ng pananaliksik nina Haring at Fry (1979), na napatunayan na nakatutulong sa pagtukoy sa mga mahahalagang ideya ng kwento gamit ang mga larawan. Malaki ang naitutulong ng mga larawan sa pagkatuto ng mga estudyante sa nobela. Maliban sa natutulongan ng mga estudyante sa biswalisasyon ng kwento, nagiging daan din ito upang matukoy ang mga tiyak na pangyayari sa loob ng kabanata. Nakukuha rin nito ang atensyon ng mga estudyante kaya mas lalo silang makikinig.

Bagaman nagustuhan ng mga estudyante ang pagkukwento, marami naman sa mga estudyante ang nakakuha ng maliit na marka sa mga gawaing ginamitan ng ganitong istrategya. Ayon sa pananaliksik ni Matamit et. al. (2020), “*language barrier has been identified as one of the challenges of using story telling method.*” Nagiging sagabal sa istrategya kapag may sagabal sa wikang ginamit sa pagkatuto ng mga paksa. Ang karanasan ni Estudyante Q ay sinuportahan naman ng pag-aaral nina Watkins, P. G. et. al (2012), nang kanilang binigyang-diin ang kahalagahan ng wika sa pakikipagkomunikasyon. Kung magiging problema mismo ang wikang ginamit sa pakikipag-usap sa mga mag-aaral sa edukasyon, maaapektuhan ang kanilang pagkatuto nito. Malaki ang magiging epekto nito sa markang makukuha ng mga estudyante sa mga gawain at pagsusulit kung hindi mahahanapan ng paraan ng guro kung paano gawing simple o payak ang mga salitang ginamit sa pagtuturo ng paksa.

Maliban sa pagkukuwento na nakapagdulong ng negatibong epekto sa marka ng mga estudyante, natuklasan rin na ang istrategyang On-stage teacher ay nakapagbigay ng negatibong epekto sa kanilang marka. Pinatunayan sa pananaliksik ni Yamagata (2018), “*teacher centered approach is less effective compared to learner-centered approach.*” Ibig sabihin, hindi gaanong nakatutulong ang istrategyang ito sa pagkatuto ng mga estudyante kasi sila ay nagiging passive at tagapakinig lamang sa klase. Pinatunayan ito sa pananaliksik ni Serin (2018), nang sabihin niyang, “*Teacher has the absolute authority in teacher-centered classroom. Students are just passively listening to the teacher.*” Wala silang ginagawa mula sa simula hanggang matapos ang klase kundi makinig lamang sa talakayan ng guro kung kaya hindi nahahasa ang kanilang mapanuring pag-iisip na maituturing na mahalagang kasanayan. Lumabas din ito sa mga iilang sagot ng mga estudyante

4. Pidbak at Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Marka at Istratehiya ng Asynchronous

Sa bahaging ito, ginamit ang **Pearson Correlation Coefficient** upang matingnan ang kaugnayan ng

markang nakuha ng mga estudyante sa istrategyang ginamit sa pagtuturo ng synchronous.

$$r = \frac{\sum (x_i - \bar{x})(y_i - \bar{y})}{\sqrt{\sum (x_i - \bar{x})^2 \sum (y_i - \bar{y})^2}}$$

Sa **talahanayan 5** matatagpuan ang mga datos na gagamitin upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga ito. Mapapansin sa talahanayang ito ang kabuuang markang nakuha ng mga estudyante kung saan ang paksa ay Noli Me Tangere. Makikita rin dito ang resulta ng likert scale na ginamit ng mga mag-aaral sa pagsukat sa kanilang karanasang pampagkatuto sa modaliting tinutukoy. Matatagpuan naman sa **talahanayan 6** ang ugnayan ng marka at istrategyang ginamit sa asynchronous na modaliti.

Talahanayan 5

Likert Scale Score at Average na Marka sa Asynchronous na Modaliti

| Estudyante | Likert Scale Score sa Asynchronous na Modaliti | Average na Marka |
|------------------|--|------------------|
| 1. Estudyante A | 3.8 | 91.5252212 |
| 2. Estudyante B | 3.4 | 91.2792035 |
| 3. Estudyante H | 3.1 | 88.5672566 |
| 4. Estudyante T | 3.5 | 60.3061947 |
| 5. Estudyante F | 3.7 | 88.9783186 |
| 6. Estudyante Z | 3.4 | 86.7853982 |
| 7. Estudyante D | 2.8 | 79.9712389 |
| 8. Estudyante J | 3.5 | 68.6269912 |
| 9. Estudyante M | 2.8 | 82.8495575 |
| 10. Estudyante C | 3.3 | 85.5075221 |
| 11. Estudyante V | 2.5 | 70.3761062 |
| 12. Estudyante Q | 3.5 | 84.4349558 |
| 13. Estudyante K | 3.3 | 81.1216814 |
| 14. Estudyante X | 3.7 | 78.8384956 |
| 15. Estudyante E | 3.8 | 89.2048673 |

Talahanayan 6

Ugnayan ng Marka at Istrategya sa Asynchronous na Modaliti

| | |
|-----------------|-----------------------------|
| Coefficient (r) | 0.27 |
| Df | 13 |
| Critical r | 0.514 |
| p ≤ 0.05 | 0.33 |
| Interpretasyon | Walang Makabuluhang Ugnayan |

Hindi masyadong nagkakalayo ang resultang nakuha sa asynchronous na modaliti. Batay sa mga impormasyong inilahad sa talahanayan 5, mapapansin na **coefficient r value** ay **0.27** na mas maliit kung ihahambing sa **critical r value** na **0.514** at ang **p value** ay **0.33**. Ibig sabihin, walang makabuluhang ugnayan ang istrategyang ginamit sa asynchronous na modaliti sa markang nakuha ng mga estudyante sa mga gawain at pagsusulit. Bagaman ito ang lumabas na resulta sa kalkulasyon, hindi maikakaila na lumabas din sa opinyon at sa marka ng mga estudyante ang epekto ng istrategya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa kanilang marka.

Napag-alaman din na ang pangunahing istrategyang ginamit sa pagtuturo sa mga kabanatang ito ay ang **paggamit ng thinking map**. Ayon sa pananaliksik nina Long at Carlson (2011), "*thinking maps allow the students to construct what they learn and achieve greater understanding about the topic.*" Ibig sabihin, nagiging madali para sa mga estudyante na mahanap ang koneksyon ng bawat ideya tungkol sa kwento upang lubos itong maunawaan. Magkatulad na resulta rin ang natuklasan sa pananaliksik nina Calvin at Gray (2020), "*double-bubble map improves students reading comprehension in the class.*" Pinagtibay nito na ang *thinking map* ay lubos na nakatutulong na maunawaan nang maayos ang paksang itinalakay sa klase. Bagaman ito ang istrategyang lumabas kung saan nakakukuha ng malaking marka ang mga estudyante, hindi naman ito lumabas sa tatlong nangungunang pinakanagustuhan ng mga kalahok sa pagtuturo ng nobela sa asynchronous na modaliti ayon sa resulta ng likert scale. Pansinin ang talahanayan 7 sa ibaba.

Talahanayan 7*Nangungunang limang istratehiya sa Asynchronous na Modaliti*

| Istratehiya | Mean | Verbal Interpretation | Rank |
|---------------------------------------|------|------------------------|------|
| Paggamit ng Audio-Visual Presentation | 3.8 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Character Analysis | 3.67 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| Recorded Lecture ng Guro | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |

Ang nangungunang pinakanagustuhang istratehiya at ang pangatlo ay magkatulad lamang sa paraan ngunit nagkakaiba sa learning resource materials sa klase. Kung susuriin, magkatulad lang talaga ang layunin ng dalawang istratehiya, ang gumamit ng audio-visual presentation upang matalakay ang paksa. Ngunit taliwas ito sa resultang lumabas mula sa kanilang marka. Napag-alaman na ang istratehiyang ito ay nagbigay ng negatibong epekto. Ang ganitong pangyayari ay hindi na bago sa lahat ng estudyanteng nag-aaral sa online class. Isa sa mga hamon mahinang koneksyon sa internet. Ayon sa pag-aaral nina El Mansour, B., at Mupinga, D. M. (2007), ang internet connection ay tinuturing bilang isa sa mga hinaharap na hamon ng mga estudyante. Dahil kinakailangan pang idownload ng mga estudyante ang recorded lecture at AVP na ibinigay ng guro sa klase, nangangailangan ito ng malakas na koneksyon sa internet. Kung nagkaroroon ng problema ang mga estudyante sa internet, magiging malaking hamon din para sa kanila ang pagkatuto sa paksa. Nakaapekto talaga ito sa kanilang marka dahil bukod sa hindi nila magawa ang kanilang gawain, nalilimitahan din ang mga impormasyong gusto nilang matutuhan dahil nakasalalay ang lahat ngayon sa mga online resources. Dagdag pa ni Puri, G. (2012), ang technological factor kung saan isa ang high broadband internet connection ay maituturing na isa sa mga critical success factors na dapat isaalang-alang sa e-learning. Kaya mahalagang-mahalaga na matugunan din ang suliraning hinaharap ng mga estudyante sa salik na ito nang sa gayo'y mapatuloy nila ang kanilang pagkatuto.

5. Makabuluhang Pagkakaiba ng Synchronous at Asynchronous

Sa bahaging ito, inilahad ang makabuluhang pagkakaiba ng synchronous at asynchronous na modaliti. Sa bahaging ito, ginamit ang **t-test** upang matukoy kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang modaliti. Pansinin ang mga impormasyong inilahad sa talahanayan 8.

Talahanayan 8*Makabuluhang Pagkakaiba ng Synchronous at Asynchronous na Modaliti*

| | |
|----------------|-------------------------|
| t-statistics | 2.27 |
| df | 28 |
| Critical value | 1.701 |
| $p \leq 0.05$ | 0.035 |
| Interpretasyon | Makabuluhang Pagkakaiba |

Kung papansinin ang mga impormasyong inilahad sa talahanayan 6, mapapansin na **ang t-statistics ay 2.27** at ang **critical value ay 1.701** at ang p value ay **0.035**. Kung mas malaki ang value ng t-statistics kumpara sa critical value at mas maliit ang p value sa alpha value, nangangahulugan na statistically significant ang datos na ito. Ibig sabihin, nagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagpili kung anong modaliti ay mas maraming istratehiya sa pagtuturo na nagugustuhan ng mga estudyanteng gamitin sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Pansinin ang mga datos na nasa talahanayan 8 at ang Numerical Rating Scale at Verbal Interpretation sa talahanayan 9.

Talahanayan 9*Resulta ng Likert Scale ng mga Istratehiya*

| Estudyante | Average Likert Scale Score sa Synchronous na Modaliti | Average Likert Scale Score sa Asynchronous na Modaliti |
|----------------|---|--|
| 1.Estudyante A | 3.8 | 3.8 |
| 2.Estudyante B | 3 | 3.4 |
| 3.Estudyante H | 3.6 | 3.1 |
| 4.Estudyante T | 3.7 | 3.5 |
| 5.Estudyante F | 3.9 | 3.7 |
| 6.Estudyante Z | 3.9 | 3.4 |
| 7.Estudyante D | 3.5 | 2.8 |
| 8.Estudyante J | 3.5 | 3.5 |

| | | |
|------------------|------|------|
| 9. Estudyante M | 3.9 | 2.8 |
| 10. Estudyante C | 3.8 | 3.3 |
| 11. Estudyante V | 2.8 | 2.5 |
| 12. Estudyante Q | 3.9 | 3.5 |
| 13. Estudyante K | 3.3 | 3.3 |
| 14. Estudyante X | 3.9 | 3.7 |
| 15. Estudyante E | 3.9 | 3.8 |
| Average Score: | 3.63 | 3.34 |

Talahanayan 10

Likert Scale Numerical Rating Scale at Verbal Interpretation

| Numerical Rating Scale | Verbal Interpretation |
|------------------------|------------------------------|
| 3.50 – 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2.50 – 3.49 | Sumasang-ayon |
| 1.50 – 2.49 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1 – 1.49 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

Ang average score ng synchronous na modaliti ay **3.63** na may verbal na interpretation na **lubos na sumasang-ayon** habang ang asynchronous na modaliti ay nakakuha naman ng **3.34** na average score na may verbal interpretation na sumasang-ayon. Kung susuriin, ang mga istrategiya at gawaing pangklase ng synchronous modaliti ay mas nagustuhan ng mga estudyante kumpara sa asynchronous na modaliti

Ibig sabihin, mas nagiging madali ang pagkatuto sa paksa dahil nakikinig ang mga estudyante sa pagtatalakay ng guro. Ayon sa karanasan ng mananaliksik, mas pinipili ng mga estudyante ang mga synchronous na sesyon kumpara sa mga asynchronous na sesyon sa klase dahil may nakatutulong sa kanilang pagkatuto sa nobela. Pinatunayan nina Jones et. al (2009), sa modaliting synchronous nahihikayat ang mga estudyanteng ibahagi ang kanilang nalalaman sa kanilang klase. Dagdag pa nina Jones & Cheng (2009), na isinaad ni Watts (2016), sa kanyang artikulo, “*synchronous allows the teacher to give an immediate feedback to the learner since this session entails a virtual face to face conversation.*” Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng malayang diskurso sa klase at mas napalalawak ng mga estudyante ang kanilang kaalaman tungkol sa paksa sa pamamagitan ng pagbabahagi at pakikinig mula sa opinyon ng ibang estudyante. Nasasagot din kaagad ang kanilang mga tanong kung may mga bahagi man sa paksa na nangangailangan ng paglilinaw.

5. Kompilasyon ng mga Istrategiya sa Synchronous at Asynchronous na Modaliti

Batay sa pag-aaral, napag-alaman na ang mga sumusunod na istrategiya ay epektibong gagamitin sa pagtuturo ng Noli Me Tangere:

5.1 Istrategiya sa Synchronous na Modaliti

5.1.1 Paggamit ng Larawan

Ito ay isang istrategiya kung saan gumagamit ng mga tiyak na larawan na magpapakita sa mga pangyayari sa loob ng kabanatang tinalakay. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|----------------------|--|---|---|---|
| Larawang Ginamit | Angkop ang mga larawang ginamit. Ipinapakita nito ang tiyak na pangyayari sa loob ng kabanata. Hindi ito nagdudulot ng kalituhan sa klase. | Angkop ang mga larawang ginamit. Hindi ito nagdudulot ng kalituhan ngunit may 1-2 bahagi na naglalarawan na hindi naipakita ang tiyak na detalye. | Angkop ang mga larawang ginamit. May 3-4 bahagi na naglalarawan na hindi naipakita ang tiyak na detalye. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang larawan dahil nagdudulot ito ng kalituhan sa klase. |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase. Sumasagot din sila sa mga tanong kapag nagkakaroon ng talakayan | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |

5.1.2 Pag-uugnay sa kultura at isyung panlipunan

Ito ay isangistratehiya kung saan inaangkla at inuugnay ang talakayan ng isyung panlipunang makikita o matatagpuan sa loob ng kabanata. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba ang paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|----------------------|--|--|--|--|
| Kaugnayan sa Nobela | Ang isyung panlipunan ay dapat may kaugnayan sa nobela o kabanatang tatalakayin. Mahalagang ito ay naiuugnay rin sa mga pangyayari sa kasalukuyang panahon | May kaugnayan sa nobela ang isyung panlipunang inilalahad ngunit may 1-2 bahagi ng isyu na nangangailangan ng pagsasaayos upang maging akma ito. | May kaugnayan sa nobela ang isyung panlipunang inilalahad ngunit may 3-4 bahagi ng isyu na nangangailangan ng pagsaayos upang maging akma ito. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang isyung panlipunang inilalahad upang maiugnay ito sa nobelang tinatalakay. |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase. | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |

5.1.3. Pagkukwento

Ito ay isangistratehiya kung saan ginagamit ang boses, kumpas ng kamay, at ekspresyon ng mukha upang malikhaing mailahad ang kabanata sa klase. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|----------------------|---|---|---|--|
| Pagkamalik-hain | Nakagamit ng iba't ibang boses, virtual background. Gumamit ng ekspresyon ng mukha sa paglalahad ng kwento. | Nakagamit ng lahat ng elemento ng pagkamalikhain maliban sa isa. | Dalawang elemento sa pagkamalikhain ang hindi nagamit sa paglalahad ng kwento. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang kabuuang paglalahad upang maging malikhain at makuha ang atensyon ng mga estudyante |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase dahil epektibo ang pagkalahad ng kwento. | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |

5.2 Istratehiya sa Asynchronous na Modaliti

5.2.1. Paggamit ng Thinking Maps

Ito ay isangistratehiya kung saan gumagamit ng iba't ibang thinking maps upang mabuo ang kaugnayan at ang diwa ng kabanata. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|----------------------|--|--|--|---|
| Thinking Map | Angkop ang ginamit na thinking map sa inaasahang layunin at kasanayan na nais linangin at makamit ng guro sa klase | May 1-2 bahagi sa ginamit na thinking map ay hindi nakatutulong upang makamit ang layunin at malinang ang kasanayan na nais ng guro para sa klase. | May 3-4 bahagi sa ginamit na thinking map ay hindi nakatutulong upang makamit ang layunin at malinang ang kasanayan na nais ng guro para sa klase. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang napiling thinking map para sa gawain. |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase. | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |

5.2.2. Paggamit ng Audio-Visual Presentation

Ito ay isangistratehiya kung saan inilalahad ng guro ang isang audio-visual presentation n amula sa mga internet sources. Maaari ring ilahad ang recorded lecture ng guro. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|--|---|--|--|--|
| Audio-Visual Presentation o Recorded Lecture | Nailalahad sa AVP o recorded lecture ang kompleto at mahahalagang detalye sa loob ng kabanta | May 1-2 na mahahalagang detalye na hindi nailahad sa AVP o recorded lecture na tungkol sa kabanata. | May 3-4 na mahahalagang detalye na hindi nailahad sa AVP o recorded lecture na tungkol sa kabanata. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang kabuuang AVP o recorded lecture dahil maraming detalye tungkol sa kabanata. |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase. | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |
| Mga Gabay na tanong | Maayos at malinaw ang pagkakabuo ng katanungan na ilalagay sa playposit app upang magabayan nang maayos ang mga estudyante habang pinapanood ang video. | May 1-2 tanong na hindi maayos at malinaw ang pagkakabuo kaya nagdulot ito ng kalituhan sa mga estudyante. | May 3-4 tanong na hindi maayos at malinaw ang pagkakabuo kaya nagdulot ito ng kalituhan sa mga estudyante. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang mga tanong na binuo para sa papanooring video. |

5.2.3. Character Analysis

Ito ay isangistratehiya kung saan sinusuri ng mga estudyante ang mga pangunahing tauhan na nasa loob ng kabanata. Maaaring gamitin ang pamantayang ito upang matingnan kung naging epektibo ba paggamit nito.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di masyadong mahusay | Nangangailangan ng pagsasaayos |
|----------------------|--|---|--|---|
| Tauhang Susuriin | Ang mga tauhang susuriin ay dapat mga pangunahing tauhan sa loob ng kabanata na nakapagbibigay ng malaki sa daloy ng kwento. | Lahat ng tauhang sinuri ay maituturing na pangunahing tauhan dahil nakapag-ambag ng malaki sa daloy ng kwento maliban sa isa. | Lahat ng tauhang sinuri ay maituturing na pangunahing tauhan dahil nakapag-ambag ng malaki sa daloy ng kwento maliban sa dalawa. | Nangangailangan ng pagsasaayos ang kabuuang gawain. |
| Students' Engagement | Nakikilahok ang lahat ng estudyante sa gawain sa klase. | 10% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 20% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. | 50% bahagdan sa kabuuang bilang ng mga estudyante ang hindi nakikilahok sa mga gawaing ibinigay sa klase. |

4. Conclusion and Recommendation

Batay sa natuklasan sa pag-aaral na ito, malaki ang tulong ang naibibigay ng mga istrategya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Nakatulong sa pagkatuto ng mga estudyante ang mga istrategyang ginamit sa klase bilang scaffolding o gabay. Naging posible rin ang pagtuturo at pagkatuto sa birtwal na silid-aralan gamit ang makabagong teknolohiya. Pinagtuunan din ng pansin na hindi sa lahat ng pagkakataon, ang mga nagugustuhan ng mga estudyante ay nakabubuti sa kanila at hindi naman sa lahat ng pagkakataon ang mga istrategyang hindi nila nagugustuhan ay nakasasama sa kanila. Mahalagang magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa mga istrategyang gagamitin sa klase at piliin nang maayos ang istrategyang talagang nakatutulong sa mga estudyante at hindi lamang batay sa kung ano ang nagugustuhan nila.

5. References

Agung, A. S. N., Surtikanti, M. W., & Quinones, C. A. (2020). *Students' Perception of Online Learning during*

- COVID-19 Pandemic: A Case Study on the English Students of STKIP Pamane Talino*. SOSHUM: Jurnal Sosial Dan Humaniora, 10(2), 225-235.
- Ahmad, I., Mohaidat, M. M. T., & Elumalai, K. V. (2015). *Code-Switching and Code Mixing*. ELT Voices-India International Journal for Teachers of English, 5, 49.
- Allen, E & Seaman, J (2011). *Going the Distance: Online Education in the United States*. Babson Survey Research Group and Quahog Research Group, LLC.
- Al Mamun, M. (2014). *Effectiveness of audio-visual aids in language teaching in tertiary level* (Doctoral dissertation, BRAC University).
- Anderson, T (2008). *The Theory and Practice of Online Learning 2nd Edition*. AU Press, Athabasca University.
- Anglin, G. J. (1987). *Effect of pictures on recall of written prose: How durable are picture effects?* ECTJ, 35(1), 25-30.
- Aranda, M. R., & Zamora, J. L. (2016). *Using differentiated instruction in improving the academic performance of students in Filipino language*. Retrieved January, 15, 2018.
- Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Filipino: Mga Teorya, Simulain, at Istratehiya*. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City, 422 423.
- Bates, A.W (2005). *Technology, E-learning and Distance Education Second Editon*. Routledge Taylor and Francis Group.
- Biemiller, A. (2006). *Vocabulary development and instruction: A prerequisite for school learning*. Handbook of early literacy research, 2, 41-51.
- Belvez, Paz M (200). *Ang Sining at Agham ng Pagtuturo: Aklat sa Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino at sa Filipino*. Rex Book Store, Manila City.
- Bisconer, S W. et. al. (2009). Transactional distance and interactive television in the distance education of health professionals. American Journal of Distance Education. September 24, 2009.
<https://doi.org/10.1080/08923649609526937>
- Bonk, C.J & Park, Y.J. (2007). *Synchronous Learning Experiences: Distance and Residential Learners' Perspectives in a Blended Graduate Course*. Journal of Interactive Online Learning. www.ncolr.org/jol
- Borje, H (2005). *Theory and Practice of Distance Education*. Routledge Taylor and Francis Group.
- Bornt, D. (2011). *Instructional Design Models, Theories, & Methodology: Moore's Theory of Transactional Distance*. <https://k3hamilton.com/LTech/transactional.html>
- Broadway, M. S., & Zamora, N. A. C. L. (2018). *Ang Filipino Bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng isang Pribadong Paaralan (Filipino as a Language of Mathematics: A Descriptive Analysis in the Case of a Private School in the Philippines)*. The Normal Lights, 12(1).
- Brown, G. A., Bull, J., & Pendlebury, M. (2013). *Assessing student learning in higher education*. Routledge.
- Bucad, D. C. (2016, June 8). The Challenge of Teaching Filipino.
<https://www.pressreader.com/philippines/sunstarpampanga/20160608/281651074373845>. Sun Star Pampanga.
- Calvin, K. L., & Gray, S. (2020). *Double-Bubble Thinking Maps and Their Effect on Reading Comprehension in Spanish-English Bilingual Middle School Students With Learning Disabilities*. Learning Disability Quarterly, 0731948720958644.
- Caspi, A. & Gorsky, P. (2005). *A Critical Analysis of Transactional Distance Theory*. Age Publishing Inc. Quarterly Review of Distance Education, 6(1), 1-11.
- Chang, B., & Kang, H. (2016). *Challenges facing group work online*. Distance Education, 37(1), 73-88.
- Chen, C. Y., Pedersen, S., & Murphy, K. L. (2011). *Learners' perceived information overload in online learning via computer-mediated communication*. Research in Learning Technology, 19(2).
- Chick, N. L. et. al (2012). *Exploring More Signature Pedagogies (Approach to Teaching Disciplinary Habits of Mind)*. Stylus Publishing, LLC.
- Christianson, M., Hoskins, C., & Watanabe, A. (2009). *Evaluating the effectiveness of a video-recording based self-assessment system for academic speaking*. Language Research Bulletin, 24, 1-15.
- Chubbuck, S. M. (2007) *Socially Just Teaching and the Complementarity of Ignatian Pedagogy and Critical Pedagogy*. Christian Higher Education, 6(3), 239-265.

- Correia, A. P., & Davis, N. E. (2007). *The design of collaboration in the virtual classroom*. 30th annual proceedings of selected papers on the practice of educational communications and technology, 2, 84-87.
- Craven, J. A., & Hogan, T. (2001). *Assessing participation in the classroom*. Science Scope, 25(1), 36.
- Czekanski, K. E., & Wolf, Z. R. (2013). *Encouraging and Evaluating Class Participation*. Journal of University Teaching and Learning Practice, 10(1), 7.
- Davidson, M. R. (2004). *A phenomenological evaluation: using storytelling as a primary teaching method*. Nurse Education in practice, 4(3), 184-189.
- Dujmović, M. (2006). *Storytelling as a method of EFL teaching*. Metodički obzori: časopis za odgojno-obrazovnu teoriju i praksu, 1(1), 75-87.
- Doucet, A et. al. (2020). *Thinking about Pedagogy in an Unfolding Pandemic: An Independent Report on Approaches to Distance Learning During COVID19 School Closures*.
- El Mansour, B., & Mupinga, D. M. (2007). *Students' positive and negative experiences in hybrid and online classes*. College student journal, 41(1), 242.
- Espejo, A. (2018). *Improving the Reading Comprehension Skills of the First Year International College Thai Students Through Unlocking of Difficult Words*. Available at SSRN 3196776.
- Emaliana, I. (2017). Teacher-centered or student-centered learning approach to promote learning? Jurnal Sosial Humaniora (JSH), 10(2), 59-70.
- Falloon, G. (2011). *Making the Connection: Moore's Theory of Transactional Distance and Its Relevance to the Use of a Virtual Classroom in Postgraduate Online Teacher Education*. JRTE, 43(3), 187-209.
- Farmer, J et. al. (2017). Student Outcomes of Eco-Restoration Service-Learning Experiences in Urban Woodlands. Journal of Experiential Education, 40(1), 24-38.
- Garrett, M., Schoener, L., & Hood, L. (1996). *Debate: A teaching strategy to improve verbal communication and critical-thinking skills*. Nurse educator, 21(4), 37-40.
- Gromik, N. A. (2012). *Cell phone video recording feature as a language learning tool: A case study*. Computers & education, 58(1), 223-230.
- Hakim, M. L. I. (2018). *Thinking maps-an effective visual strategy EFL/ESL for learners in 21st century learning*. LET: Linguistics, Literature and English Teaching Journal, 8(1), 1-14.
- Hrastinski, S. (2008). *Asynchronous and synchronous e-learning*. Educause quarterly, 31(4), 5155.
- H. S., Hong, Z. R., & Lawrenz, F. (2012). *Promoting and scaffolding argumentation through reflective asynchronous discussions*. Computers & Education, 59(2), 378-384.
- Kropf, D. (2013). *Connectivism: 21st Century's New Learning Theory*. European Journal of Open, Distance and e-Learning, 16(2).
- Lane, S. (2016). *Promoting collaborative learning among students*. American Journal of Educational Research, 4(8), 602-607.
- Lockyer, J., Sargeant, J., Curran, V., & Fleet, L. (2006). *The transition from face-to face to online CME facilitation*. Medical Teacher, 28(7), 625-630. <https://doi.org/10.1080/01421590600922909>
- Mascolo, M. F. (2009). *Beyond student-centered and teacher-centered pedagogy: Teaching and learning as guided participation*. Pedagogy and the human sciences, 1(1), 3-27.
- Munandar, I. (2021). *Directed reading activity (dra) application in English reading comprehension classroom*. Jurnal As-Salam, 5(1), 90-100.
- Murphy, E., Rodríguez-Manzanares, M. A., & Barbour, M. (2011). *Asynchronous and synchronous online teaching: Perspectives of Canadian high school distance education teachers*. British Journal of Educational Technology, 42(4), 583-591.
- Pastor, C. K. (2020). *Sentiment Analysis on Synchronous Online Delivery of Instruction due to Extreme Community Quarantine in the Philippines cause by COVID-19 Pandemic*. Asian Journal of Multidisciplinary Studies, 3(1).
- Ramane, D. V., Devare, U. A., & Kapatkar, M. V. (2021). *The impact of online learning on learners' education and health*. The Online Journal of Distance Education and e-Learning, 9(2).
- Savvidou, C. (2004). *An integrated approach to teaching literature in the EFL classroom*. The Internet TESL Journal, 10(12), 1-6.

- Turuk, M (2008). *The Relevance and Implications of Vygotsky's Sociocultural Theory In the Second Language*. ARECLS, Vol. 5, 244-262.
- Uba, E., Oteikwu, E. A., Onwuka, E., & Abiodun-Eniayekan, E. (2017). *A research based evidence of the effect of graphic organizers on the understanding of prose fiction in ESL classroom*. SAGE Open, 7(2), 2158244017709506.
- Zlatković, B., & Mišića, D. (2012). *Teacher's Education for a More Flexible Approach to Character Analysis in Literary Creations*. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 45, 486-492.

